


| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 2 | Quarter: | 4TH Quarter |

| | Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday |
|---|---|---|---|---|---|
| **I.OBJECTIVES** | Natutukoy ang mga paraan ng pagbibigay halaga sa bigay ng Panginoon. | | | | |
| **A. Content Standard** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha at mga biyayang tinatanggap mula sa Diyos | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha at mga biyayang tinatanggap mula sa Diyos | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha at mga biyayang tinatanggap mula sa Diyos | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapasalamat sa lahat ng likha at mga biyayang tinatanggap mula sa Diyos | Weekly Test |
| **B. Performance Standard** | Naisasabuhay ang pagpapasalamat sa lahat ng biyayang tinatanggap at nakapagpapakita ng pag-asa sa lahat ng pagkakataon | Naisasabuhay ang pagpapasalamat sa lahat ng biyayang tinatanggap at nakapagpapakita ng pag-asa sa lahat ng pagkakataon | Naisasabuhay ang pagpapasalamat sa lahat ng biyayang tinatanggap at nakapagpapakita ng pag-asa sa lahat ng pagkakataon | Naisasabuhay ang pagpapasalamat sa lahat ng biyayang tinatanggap at nakapagpapakita ng pag-asa sa lahat ng pagkakataon | |
| **C. Learning Competency/Objectives**<br><br>**Write the LC code for each.** | Nakapagdarasal nang may pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos<br>EsP2PD-<br>IVa-d– 5 | Nakapagdarasal nang may pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos<br>EsP2PD-<br>IVa-d– 5 | Nakapagdarasal nang may pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos<br>EsP2PD-<br>IVa-d– 5 | Nakapagdarasal nang may pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos<br>EsP2PD-<br>IVa-d– 5 | |
| **II.CONTENT** | Pagpapasalamat sa Panginoon | | | | |
| | Pambansang pagkakaunawaan Kaayusan at Kapayapaan (Peace and Order) | Pambansang pagkakaunawaan Kaayusan at Kapayapaan (Peace and Order) | Pambansang pagkakaunawaan Kaayusan at Kapayapaan (Peace and Order) | Pambansang pagkakaunawaan Kaayusan at Kapayapaan (Peace and Order) | Lingguhang Pagsusulit |
| **III.LEARNING RESOURCES** | Curriculum Guide page16 | Curriculum Guide page16 | | | |
| **A. References** | | | | | |
| **1. Teacher's Guide pages** | P.92-94 | P.92-94 | P.92-94 | P.92-94 | |
| **2. Learner's Materials pages** | P.230-240(soft copy) | P.230-240 (soft copy) | P. 230-240 (soft copy) | P.230-240 (soft copy) | |
| **3. Textbook pages** | | | | | |



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 4. **Additional Materials from Learning Resource (LR)portal** | larawan, krayola | larawan, krayola | larawan, krayola | larawan, krayola | |
| **B. Other Learning Resource** | | | | | |
| **IV.PROCEDURES** | | | | | |
| **A. Reviewing previous lesson or presenting the new lesson** | Basahin at isaulo ang Gintong Aral:<br>Maging halimbawa ng kapayapaan<br>Upang kagiliwan at laging pamarisan | Sa paanong paraan kaya natin mabibigyang-halaga ang mga biyayang bigay sa atin ng Panginoon? Banggitin ang mga paraan upang ito ay maganap ng may kasiyahan at may pananagumpay. | Maaaring magpakita ng video clips na nagpapakita ng pagbibigay halaga sa biyaya ng Panginoon. | Bakit kailangan nating magpasalamat sa Diyos at maging mabuting nilikha ?Ano ang kabutihang dulot nito sa ating pamilya, pamayanan at sa ating bansa ? | |
| **B. Establishing a purpose for the lesson** | Sa araling ito ay matutukoy mo ang<br>mga dapat mong gawin upang maipakita<br>ang pagbibigay halaga sa mga nilikha ng<br>Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin. | Itanong sa mga bata:<br>a.Napapahalagahan ba ninyo ang mga biyayang ipinagkaloob sa inyo ng Panginoon?<br>b. Paano nagiging kapakipakinabang ang mga biyayang ipinagkaloob sa inyo ng Panginoon?<br>c.Kasiyasiya bang pag-uugali ang pagiging madasalin at mapagpasalamat sa Dakilang Lumikha?<br>d.May kilala ba kayong mga batangparating kasama ng magulang sa simbahan upang magpasalamat sa mga biyayang kanyang natatanggap sa araw-araw?<br>Ano ang epekto nito sa kanyang pagkatao? Dapat ba siyang tularan | Itanong sa mag-aaral kung paano mapapahalagahan ang mga biyayang natatanggap sa araw-araw. | Magpapaskil ng isa o higit pang larawan na nagpapakita ngisang batang marunong sumimba at magdasal.Maaring magsaliksik sa internet ng mga larawan o video nito. | |






<table>
<tr><td></td><td></td><td>o hindi ? Mangatwiran sa iyong kasagutan.<br>e.Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ay parating nagpapasalamat sa biyaya ng Diyos para sa iyo?<br>f. Ang mapagpasalamat na kalooban ba ay gabay sa ikauunlad ng ispirituwal na bahagi ng ating pagkatao? sa paanong paraan?Magbigay ng halimbawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Presenting examples/Instances of the new lesson</td><td>Pasimulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawang ito.<br>Ano kaya ang naging problema ni Carlo sa kwento?<br><br>Sa ikalawang larawan , ano ang inyong napansin sa isang batang lalaki?<br></td><td>Muling balikan ang binasang kwento<br>"Ang Kaarawan ni Karlo"ni R. B. Catapang<br>kahapon.<br>Basahin ito at isaisip nang mabuti.</td><td>Muling balikan ang binasang kwento<br>" Ang Kaarawan ni Karlo"ni R.B. Catapangkahapon .<br>Basahin ito at isaisip nang mabuti.</td><td> ISAPUSO NATIN<br>Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba. Lagyan ng puso ( ) ang hanay kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod. Gamitin ang pamantayan sa ibaba.<br>3 - Palagi kong ginagawa<br>2 - Paminsan-minsan kong ginagawa<br>1 - Hindi ko ginagawa kahit kalian<br>
<table>
<tr><th>Mga Sitwasyon</th><th>3</th><th>2</th><th>1</th></tr>
<tr><td>1. Nagdarasal ako bago at pagkatapos kumain.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Ibinabahagi ko sa aking mga kaibigan ang mga laruang hindi ko na ginagamit.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nagbibigay ako ng tulong sa mga biktima ng lindol, sunog at baha.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Inaalagaan ko ang mga hayop sa aming bahay.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. Nagpapakalong ako sa aking nanay kapag may nakita akong matandang sumakay sa dyip kung ito ay puno na.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td><td></td></tr>
<tr><td>D. Discussing new concepts and practicing new skills # 1</td><td>Sundan ito ng talakayan tungkol sa larawang ipinakita.<br>Asahan ang iba't ibang kasagutan.<br>Pinagmasdan mo ba ang larawang ipinakita kanina.<br>Ano ang iyong napansin?</td><td>Muling talakayin ang kwento.<br>1. Ano ang mensahe ng kuwento?<br>2. Bakit nagkaroon ng suliranin si Karlo?<br>3. Ano ang dahilan ng pagkakaroon niya ng<br>suliranin?</td><td> ISAGAWA NATIN<br>Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay halaga sa mga biyaya ng</td><td>Isabuhay Natin:<br>Sumulat ng isang maikling panalangin bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa"yo ng Panginoong Maykapal.</td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ano ang iyong naramdaman nang makita ninyo ang batang lalaking may kapansanan?<br>Ano ang magagawa mo bilang bata upang tulungan ang mga batang may kapansanan?<br>Ano pa ang maaaring maitutulong mo para sa mga batang may kapansanan? | 4. Ano-ano ang magandang naidudulot ng pagiging kuntento at madasalin?<br>5. Sa paanong paraan ka makapagbibigay halaga sa mga biyayang iyong natatanggap mula sa Panginoon?<br>6. Ano-ano ang mga gawain na nagpapaunlad sa inyong buhay ispirituwal bilang isang buklod na pamilya sa lipunang inyong kinabibilangan?<br>7.Paano ka nagbibigay halaga sa biyaya ng Panginoon?<br>3. Bakit mo binibigyang halaga ang mga biyaya sa iyo? | Panginoon. Isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.<br>1. Isang umaga, naghihintay ka ng dyip sa may kanto patungo sa paaralan. May nakasabay kang isang batang pilay na naghihintay din ng sasakyan. Ano ang gagawin mo?<br>A. Uunahan ko siyang sumakay sa dyip.<br>B. Titingnan ko siya kung paano siya sumakay.<br>C. Aalalayan ko siya sa kanyang pagsakay.<br>2. Kararating mo lang sa inyong bahay galing sa paaralan. Gutom na gutom ka dahil hindi ka nagmeryenda. Nakita mong nakahanda na ang hapag-kainan para sa hapunan.<br>A. Uupo ka at kakain agad.<br>B. Hihintayin kong makumpleto kami bago kumain.<br>C. Titikman ko ang mga pagkain habang naghihintay sa ibang kasapi ng pamilya.<br>3. Tuwing gabi matapos mong gawin ang takdang-aralin, nakakaramdam ka nang antok.<br>A. Aalisin ko ang gamit sa study table at doon muna ako matutulog.<br>B. Pupunta ako sa sala at doon muna ako matutulog.<br>C. Pupunta ako sa kuwarto at magdarasal muna bago matulog.<br>4. Isang umaga, may pumuntang mga pinuno ng barangay sa inyong paaralan. Nanghihingi sila ng tulong para sa mga biktima ng bagyo.<br>A. Hindi ako magbibigay ng tulong dahil mababawasan ang aking baon.<br>B. Magbibigay ako ng tulong kahit mabawasan ang aking baon. | Diyos Ama sa langit, ...<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>_______. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | C. Maghihingi ako sa aking kaklase para hindi mabawasan ang aking baon.<br>5. Nalimutan ng iyong kapatid na pakainin ang kanyang mga alagang isda sa aquarium.<br>A. Papakainin ko dahil baka sila mamatay sa gutom.<br>B. Hihintayin ko na lang bumalik ang aking<br>kapatid para siya ang magpakain.<br>C. Kukunin ko ang mga alagang isda sa aquarium para paglaruan. | | |
| **E. Discussing new concepts and practicing new skills # 2** | Sa nakaraang aralin ay tinalakay kung paano magkakaroon ng kapayapaan sa ating pamayanan at ang ating bansa, sa ngayon naman ay matutukoy ang mga paraan ng pagbibigay halaga sa bigay<br>ng Panginoon.Sa paanong paraan kaya ito mabibigyang katuparan at maisasabuhay? | Umisip ng tatlong paraan upang mabigyang halaga ang biyaya ng Panginoon. Isulat ito sa loob ng kahon.<br> | Nasagutan niyo ba ang mga sitwasyon sa gawain , kung oo isulat ito sa loob ng isang kahon “Ako’y isang batang mapagpasalamat sa Diyos at ang pangarap ko’y tumulong sa mga nangangailangan” | Umisip ng tatlong paraan upang makapagpasalamat sa biyayang ating natatanggap. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.<br> | |
| **F. Developing mastery (leads to Formative Assessment 3)** | Basahin natin:<br>Basahin ang kuwento.<br>Ang Kaarawan ni Karlo<br>ni R. B. Catapang<br><br>Araw ng Linggo, maagang nagising si Karlo. Ito ang araw | Ano ang kailangan nating gawin upang mabigyang halaga ang mga biyaya sa atin? Ano ang kahihinatnan o magiging resulta ngpagbibigay halaga sa biyaya ng Panginoon? | Ano ang kailangan nating gawin upang makapagbigay halaga sa mga biyaya sa atin?<br>Ano ang kapakinabangan ng pagiging mabuti sa kapwa at malapit sa Diyos sa ikaaayos ng ating sambahayan at lipunan? | Muling basahin ang kwento<br>“Ang Kaarawan ni Karlo<br>ni R. B. Catapang<br>” | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ng kanyang ikapitong<br>taong kaarawan. Subalit<br>malungkot siya dahil hindi siya<br>naibili ng bagong<br>sapatos na gustong-gusto niya.<br>“Huwag ka nang<br>malungkot Karlo,” ang samo ni<br>nanay Felisa.<br>“Maayos pa naman ang dati<br>mong sapatos kaya<br>puwede mo pa itong magamit.<br>Magbihis ka na dahil tayo ay<br>magsisimba,” dagdag ng kanyang<br>ina.<br><br>Sa harap ng<br>simbahan nakita ni<br>Karlo ang isang<br>batang lalaki na<br>buhat-buhat ng<br>kanyang ama mula<br>sa kotse. Isinakay niya ito sa<br>wheel chair.<br>Nasabi ni Karlo sa kanyang sarili,<br>“Masuwerte pa<br>rin pala ako, kahit wala akong<br>bagong sapatos sa<br>kaarawan ko ay kumpleto ang<br>mga paa ko.<br>Salamat po Panginoon sa<br>biyayang ipinagkaloob<br>Mo sa akin at ipinapanalangin ko<br>po na tulungan mo<br>rin ang batang may kapansanan<br>na maging<br>masaya.” | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **G. Finding practical application of concepts and skills in daily living** | Sagutin ang sumusunod na tanong:<br>1. Bakit malungkot si Karlo sa kanyang ikapitong kaarawan?<br>2. Ano ang nakita ni Karlo sa harap ng simbahan na biglang nakapagpabago sa kanyang nararamdaman?<br>3. Dapat bang magpasalamat tayo sa Poong Maykapal? Bakit? | Gumawa ng dalawang islogan upang maisabuhay mo ang iyong pagiging palasimba at kuntento sa biyayang bigay ng Diyos sa atin.<br> | Gamit ang dalawang oslo paper, gumuhit ng larawan na nagpapakita ng mga batang nagsisimba at nagdarasal. | May mga kamag-aral ba kayo na palaging nagsisimba?<br>Itanong mo kung bakit nilaginagawa.Ibahagi mo sa klase ang iyong mga natutuhan mula sa kanila.<br>Ano-ano ang kapakinabangan pagiging mapagpasalamat sa Panginoon sa loob ng tahanan? paaralan?simbahan at pamayanan?<br>Dapat bang magkaroon tayo ng isang pusong mapagpasalamat?Bakit?<br>Ano ang nakahahadlang sa isang tao upang mabigyang halaga ang bigay ng Diyos sa kanya?<br>Ipaliwanag. | |
| **H. Making generalizations and abstractions about the lesson** | Basahin ang Ating Tandaan sa pahina 233<br>Dapat nating pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng Kanyang nilikha at sa ipinagkaloob Niyang biyaya sa atin. Kaya nararapat lang na ingatan at pahalagahan ang mga ito. | Basahin ang Ating Tandaan nang sabay-sabay hanggang sa ito ay maisaulo ng mga bata. | Basahin:<br>Dapat nating pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng Kanyang nilikha at sa ipinagkaloob Niyang biyaya sa atin. Kaya nararapat lang na ingatan at pahalagahan ang mga ito. | Basahin ang muli ang "Ating Tandaan" nang sabay-sabay hanggang sa ito ay maisaulo ng mga bata. | |
| **I. Evaluating learning** | <br>Sagutin kung Tama o Mali ang sinasabi ng sumusunod na pangungusap. Isulat sa papel ang inyong sagot.<br>1. Ibinabahagi ko sa kapwa ko bata ang aking mga laruan na hindi ko na ginagamit.<br>2. Nagbibigay ako ng tulong sa mga pulubi at may kapansanan.<br>3. Inaapakan ko ang mga halaman sa parke at paaralan.<br>4. Tinitirador ko ang mga ibon na nakikita ko. | <br>Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng larawan na nagpapakita ng pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin. Isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.<br>1.Nabalitaan mo na ang iyong kaibigan ay may sakit. Ano ang dapat mong gawin? | Itanong sa mga bata:<br>Ano ano ang naidudulot sa atin ng magiging malapit sa Diyos at mabuti sa kapwa?<br>2. Ipabasa nang sabay-sabay ang "Gintong Aral"<br>Sa Poong Lumikha ay laging magpasalamat,<br>Sa lahat ng biyayang ating tinanggap.<br>Sipiin ito sa isang kartolina at ipaskil sa lugar na nakikita ng mga bata upang maisaulo at maisagawa. | <br>Sagutin kung Tama o Mali ang sinasabi ng sumusunod na pangungusap. Isulat sa papel ang inyong sagot.<br>1. Ibinabahagi ko sa kapwa ko bata ang aking mga laruan na hindi ko na ginagamit.<br>2. Nagbibigay ako ng tulong sa mga pulubi at may kapansanan.<br>3. Inaapakan ko ang mga halaman sa parke at paaralan.<br>4. Tinitirador ko ang mga ibon na nakikita ko. | . |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5. Nagdarasal ako bago matulog at pagkagising<br>sa umaga. | <br><br>2. Nagsimba ang buong pamilya ninyo. Ano ang dapat mong gawin sa loob ng simbahan?<br><br><br>3. Ano ang dapat gawin ng mag-anak bago at pagkatapos kumain?<br><br><br>4. Namunga ang halamang gulay ng tatay mo sa inyong bakuran. Ano ang dapat mong gawin?<br><br><br>5. Napansin mong may namamalimos na pulubi sa pintuan ng inyong bahay. Ano ang dapat mong gawin?<br><br> | | 5. Nagdarasal ako bago matulog at pagkagising<br>sa umaga. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| J. **Additional activities for application or remediation** |  Basahin at isaulo:<br>Sa Poong Lumikha ay laging magpasalamat,<br>Sa lahat ng biyayang ating tinanggap. | Itanong sa mga bata:<br>Sa inyong palagay, ano ang dapat ninyong gawin sa mga biyayang ipinagkaloob ng Poong Lumikha? Bakit? | Itanong sa mga bata:<br>Sa inyong palagay, ano ang dapat ninyong gawin sa mga biyayang ipinagkaloob ng Poong Lumikha? Bakit? |  Basahin at isaulo:<br>Sa Poong Lumikha ay laging magpasalamat,<br>Sa lahat ng biyayang ating tinanggap. | |
| **V.REMARKS** | | | | | |
| **VI.REFLECTION** | | | | | |
| A. No. of learners who earned 80% in the evaluation | | | | | |
| B. No. of learners who require additional activities for remediation who scored below 80% | | | | | |
| C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson | | | | | |
| D. No. of learners who continue to require remediation | | | | | |
| E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work? | | | | | |
| F. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve? | | | | | |
| G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers? | | | | | |

Download [sample daily lesson logs] at www.teachershq.com